Tunay na si Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay nagpasunud-sunod ng pagsisiwalat sa Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, bago ang pagpanaw nito hanggang sa pumanaw ito sa pinakamadalas nangyayari ang pagsisiwalat.

Anas bin Mālik, malugod si Allāh sa kanya: "Tunay na si Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay nagpasunud-sunod ng pagsisiwalat sa Sugo ni Allāh, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, bago ang pagpanaw nito hanggang sa pumanaw ito sa pinakamadalas nangyayari ang pagsisiwalat."
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagpadalas si Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ng pagpapababa ng pagsisiwalat sa Sugo Niya, pagpalain Niya ito at pangalagaan, bago ang pagpanaw nito upang mabuo ang Batas ng Islām. Ito ay hanggang sa pumanaw ang Sugo, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, sa panahon ng kadalasan ng pagbaba ng pagsisiwalat.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4217